**Isang Pagsusuri sa Papel na Impluwensiya ng Midya sa Pag-Aaral ng Wika nina Kathleen Kay D. Mapa at Felisa D. Marbella (2019)**

Ipinasa kay
Prof. Joey R. Cabigao, PhD
La Consolacion University Philippines (LCUP)
Graduate Studies Department

Bilang Bahagi ng mga Pangangailangan
sa Asignaturang MAEd Fil 204:
Wika at Lingguwistika

Ipinasa ni
**<Gng. Jo-Ann M. Morales>**

Marso 27, 2020

**Panimula**

Paano kaya ang buhay kung walang wika? Siguro walang usapan, walang telebisyon, walang radyo, walang malalamyos na mga awitin, walang makapigil hiningang mga nobela, walang maiinit na yakap. Buti na lamang at may wika tayong ginagamit sa pakikipagtalastasan. Humigit-kumulang nahahati nang ganito ang oras na ginugugol natin sa pakikipagtalastasan: 45% sa pakikinig, 30% sa pagsasalita, 16% pagbabasa, at 9% sa pagsulat.

Makapangyarihan at pangunahing kodigo sa komunikasyon ang wika. Ang wika ay binubuo ng mga salita na nagsisilbing instrumento sa pagbabago ng pananaw sa realidad lalo na kung maayos itong magagamit (Fortunato at Valdez, 1995).

Malayo na ang nalakbay ng wikang Filipino. Sa pagbabago ng panahon at lipunan, natural lamang na sumabay ang wika sa mga pagbabago ng modernisasyon ng lipunang gumagamit nito. Kaalinsabay ng pagbabago ng panahon ay ang pag-usbong nang mabilisan at madalian na modernong panahon na dala ang makabagong teknolohiya, bunga ito ng mga bagong kaalaman ng tao buhat sa pananaliksik at malikhaing pag-iisip. Sa mahabang kasaysayang ito ay nakita natin ang paglago, pag-unlad, at pagbabago o pag-*evolve* ng ating wika. Malaki ang epekto ng mga pagbabagong dala ng panahon at ng makabagong teknolohiya sa mga pagbabago rin sa kalagayan o sitwasyon ng ating wika. Isang malinaw na behikulo sa paglaganap ng wikang Filipino ang popular na paggamit dito ng midya gaya ng telebisyon, radyo, pahayagan, at pelikula. Isa sa produkto ng makabagong teknolohiya ay ang pinakatampok na *Social Media*. Ito ay sistema ng pakikipag-ugnayan ng mga tao kung saan sila ay lumilikha, nagbabahagi at nakikipagpalitan ng mga impormasyon at mga ideya sa isang birtwal na komunidad at mga *network*. Ito rin ay itinuturing na isang pangkat ng mga *Internet-Based* na mga aplikasyon.

Mahalagang isaalang-alang ang wika ng *target audience* sa paggamit ng *mass media*. Nagiging kawili-wili ang isang babasahin o programa kung madaling maunawaan ang wikang ginamit. Ayon kay Tiongson (2012), ang paggamit ng wikang Filipino ng midya ngayon, at ang kaakibat na pagpapalaganap nito, ay hindi dahil sa pagnanais ng midya na mapalaganap ang wikang pambansa kundi upang maabot nito ang pinakamalawak na antas ng mga manonood at tagapakinig.

Sa kasalukuyan, mas malawak na ang daluyan ng impormasyon na maaaring gamitin ng mga mananaliksik, guro, estudyante at ng bawat isa. Hindi na lamang limitado sa mga aklat, dyornal, magasin, aklat at iba pang mga nakaimprentang babasahin ang mga "nalathalang materyales". Ginagamit na ring sanggunian ang mga nalathalang materyales sa *internet* tulad ng *online magazines*, *e-journals*, *websites*, *blogs* at iba pang katulad na anyo o mga sangguniang elektroniko, tulad ng aklat elektroniko o *e-book*, at iba pang uri ng *e-learnings.*

**Pagtalakay**

Inilahad ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakuha ukol sa impluwensya ng midya sa pag-aaral ng wika ng mga mag-aaral na Baitang 6 sa Lungsod ng Sorsogon, taong 2018-2019.

**Impluwensiyang dulot ng iba't ibang uri ng midya sa paggamit ng wikang Filipino sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantika.**

Ang wika ay nahahati sa iba't ibang subsistem upang mapag-aralan nang lubos ang mga natatanging komponent na ito. Ang mga komponent na ito ang bumubuo ng hirarkiya sa pag-aaral ng wika mula pinakamaliit na yunit ng mga tunog hanggang sa masalimuot na mga diskurso. Gayunman, ayon sa simulain ng pagkatutong *brain-based* (Caine at Caine, 1991; Hart, 1975), magagawang maiproseso nang sabayan ng ating isipan ang mga kabuuan at mga

partikular na bahagi ng wika. Nangangahulugan lamang ito na natutuhan ang wika na walang sinusunod na hirarkiya o pagkakasunod-sunod

Ang ponolohiya ng isang wika ang paraan kung paanong ang mga tunog ay makabubuo ng mga hulwaran. Ang kaalaman sa ponolohiya ng isang nagsasalita/nag-aaral ng wika ay makatutulong upang makabuo ng makabuluhang *utterances* ang nagsasalita at matutukoy niya kung ano ang makabuluhan at di makabuluhang tunog sa kanyang wika.

Malinaw na nakita sa Talahayanan 1 ang impluwensiyang dulot ng iba't ibang uri ng midya sa paggamit ng Wikang Filipino sa ponolohiya. Ang midya ay nakatutulong sa mga mag-aaral at guro upang ang kanilang pag-aaral ay maging makabuluhan. Mahalaga ang midya upang matukoy ang kahulugan at importansya ng pagsasalita ayon na rin sa naging sagot ng mga mag-aaral at guro. Mas naging kapaki-pakinabang sa pag-aaral at paggamit ng Wikang Filipino sa ponolohiya dahil mas natuto sila sa wastong pananalita gamit ang midya.

Sa pag-aaral ni Ali (2013) na may pamagat na "The Role of ICT to Make Teaching-Learning Effective in Higher Institutions of Learning in Uganda," naipakita ang mabisang integrasyon ng teknolohiya sa mga praktis sa silid. Natuklasang mabisa ang *Information and Communication Technology* o ICT lalo na ang integrasyon ng *e-learning*, *e-communication*, mabilis na pag-akses ng impormasyon sa *internet*, *online student registration*, *online advertisement*, at nababawasan ang pagpi-*print* ng mga sipi ng aralin at iba pa. Malaki ang naitutulong ng midya upang matukoy ang wastong paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng pagbibigay oras na matuto, pagiging mapamaraan sa pagtuturo, pananaliksik at pag-alam ng mga makabagong estratehiya at teknik gamit ang ICT ay mapadadali ang pagtuturo at pagkilala sa ponolohiya.

Sa Talahanayan 2 naiintindihan at nauunawaan ng mga mag-aaral ang nabuong pangungusap ng mas mabilis at mas malinaw. Mahihikayat ang interes ng mag-aaral kung gagamit ng *multimedia* bilang kagamitang pampagtuturo. Hindi lamang pag-aaral ng mga makabuluhang yunit ng salita ng isang wika ang morpolohiya dahil ito rin ang nagsisilbing hamon sa mga guro upang mas maging wasto ang pag-aaral ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi/salitang ugat.

Lahat ng taal na nagsasalita ng wika ay may kakayahang matukoy ang tama at hindi tamang kombinasyon ng mga salita. Kahit na nga ang batang taal na nagsasalita ng Tagalog ay alam na "ang damit ay bago" ay makabuluhan, subalit agad niyang masasabi na "*ang ay bago damit" ay hindi. Ang sintaktikong kaalamang ito sa katutubong wika ay hindi itinuturo sa paaralan ngunit nagkakahugis sa isipan habang natutuhang salitain o natatamo ng mga bata ang kanilang unang wika. Malinaw itong makikita sa Talahanayan 3 dahil ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng mabisang kasanayan sa mga bahagi ng salita upang makabuo ng tamang pangungusap.

Ang mga tagapagsalita ng isang wika ay may likas ng kaalaman sa salita at parirala ng kanilang wika kaya naman nagagawa nilang bigyang kahulugan ang mga ito kung sakaling gamitin nila sa pakikipagtalastasan. Kapag ang mga tagapagsalita ay gumagamit ng wika upang makalikha ng pagpapakahulugan sa isang kaganapan na nangyari sa daigdig na kanilang ginagalawan, kailangang paglapatin nila ang kahulugan ng wika gaya ng pagkaalam nila sa maraming pagkakataon na ito ay lumitaw. Sa Talahanayan 4 malinaw na nabibigyang kalinawan ang mga malalalim o di-pangkaraniwang wikang ginamit, ito ay ang semantika.

## Mabuting Dulot ng Midya sa Wikang Filipino

Ayon kay Rolando B. Tolentino ang wika ang naging mahalagang lunduyan ng malikhaing inobasyon tungo sa popularisasyon ng mga teknolohiya sa loob ng bansa.

Nahuhubog ang mga mag-aaral na magamit ng wasto ang Wikang Filipino. Natatangkilik ang sariling wika upang gamitin sa pang-araw-araw kaya napadadali ang panghihikayat ng mga guro sa mga mag-aaral na gamitin ang Wikang Filipino sa pakikipagkomunikasyon. Ang ilan pa sa mabuting dulot ng midya ay naiintindihan ang mga impormasyon sa mabilisan o madaliang paraan upang mapadali ang pagbabaybay, pagsusulat, at pagbabasa, naeengganyong matuto ng mga matalinghaga at malalim na mga salitang Filipino, at nalalaman ang mga makabagong balarilang Filipino.

Kinakailangan ang patuloy na gabay ng mga guro habang ginagamit ang midya sapagkat maaaring may makuhang hindi angkop na salita na makasisira sa pag-aaral ng mag-aaral.

## Mabuting Dulot ng Midya sa Wikang Ingles

Isang mahalagang sangkap sa mainam at maayos na pagkatuto ng mga mag-aaral ang pagkakaunawa sa wikang ginagamit sa pag-aaral. Bagamat hindi man gaanong napapansin ay lubhang nakaaapekto ito sa kakayahang matuto at umunawa ng mga mag-aaral. Ayon na rin sa mga mag-aaral at guro, ang mabuting dulot ng midya sa wikang Ingles ay ang mga sumusunod: Nagkakaroon ng mas malalim na kasanayan sa paggamit ng wika upang magamit sa pakikipagsapalaran; Napapadaling matuto sa paggamit ng Ingles sa pamamagitan ng pagbabasa, pakikinig, at panonood; Nagiging aktibo sa pakikipagtalastasang pasulat man o pasalita sa mga banyaga; at Naeengganyong manood, makinig, bumasa, at matuto sa pang-internasyunal na mga talakayan. Nagiging natural sa kanila ang pagkatuto sa Wikang Ingles.

Nagsisilbi rin itong paghikayat na magbasa, makinig at manood ng mga aral gamit ang midya na may lengguwaheng ingles. Malaki ang naitutulong nito sa pagbibigay lakas loob sa mga mag-aaral. Sila ay nagiging positibo at hindi natatakot sa pagsasalita at paggamit ng ingles.

**Mabuting Dulot ng Midya sa Mother Tongue**

Sa impluwensiya ng midya sa *mother tongue* makikitang nagiging natural ang paraan ng pagbabahagi ng mga mag-aaral. Ayon sa ulat ng UNESCO (2003), tinukoy nilang ang mga batang natutong bumasa at sumulat sa unang wika bago matuto ng ikalawang wika ay mas matagumpay sa pag-aaral kumpara sa mga kamag-aral nilang hindi natutuhan nang lubos ang wika. Sinusugan naman ito ni Lundberg (2002) sa pagbanggit ni Scott, (2009), na maraming mga pananaliksik ang nagpapatunay ng positibong ugnayan ng unang wika sa pagkatuto ng pangalawang wika dahil dito nagiging aktibo ang mga mag-aaral sa paggamit ng nais na wika sa pagbibigay ng opinyon at saloobin at nagiging magaan sa mga mag-aaral ang mga salitang ginagamit.

**Di-Mabuting Dulot ng Midya sa Wikang Filipino**

Ayon sa mga guro, napansin nila sa mga mag-aaral na nagagamit ang balbal na salita. Nagugugol ang buong oras sa pagrerelaks at hindi sa pagpapalago ng wikang sariling atin. Nahihirapang maintindihan ang mga matatalinghaga o malalalim na mga salita. Nakikipagsabayan sa mga nauusong salita.

**Di-Mabuting Dulot ng Midya sa Wikang Ingles**

Pinaalala sa lahat ng mga mag-aaral na kailangang maging mapanuri sa paggamit ng mga pangungusap ayon sa wastong istruktura sapagkat nagkaroon ng pagkalito sa paggamit ng

angkop na istruktura o paggamit ng pangungusap. Nakapokus lamang sa salitang kilos at intonasyon o tono ng wika ngunit hindi lubasang maintindihan ang kahulugan ng mga ito. Natatakot na sumubok, makipagsabayan at magkamali sa pakikipagtalastasan dahil sa walang sapat na pag-aaral dito. Nagagaya ang mga masasamang ekspresyon mula sa mga banyaga na hindi naman talaga alam ang kahulugan ng mga ito.

**Di-Mabuting Dulot ng Midya sa Mother Tongue**

Nalilito sa mga salitang gagamitin kung ito ay wasto sa isang pangungusap. Nahihirapan sa pag-uugnay ng mga salita sa kanilang pag-aaral dahil hindi ito ang karaniwang lengguwahe sa sariling lugar. Nagagamit ang maling intonasyon o diin ng bawat salita dahil hindi maintindihan ang salitang ginagamit.

Natuklasan ding hindi sapat ang kahandaan ng guro sa antas ng tersarya sa paggamit ng makabagong teknolohiya. Maraming suliraning kinakaharap ang mga guro sa paggamit nito. Maaaring isa na rito ang hindi angkop na lengguwahe mula sa sariling bayan ang nakikita sa kanilang mga aklat.

**Paglalagom**

Natuklasan ang impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng Wikang Filipino. Nakatuon ang pagsusuri sa mabuti at di-mabuting impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng wika sa *Grade* 6 sa pagkatuto ng ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantika. Malaki ang naitutulong ng midya sa bawat istruktura na makakaapekto sa paraan ng pananalita at wastong pag-unawa at pagsulat ng mga mag-aaral. Ang impluwensya ng midya sa pagkatuto ng wika ayon sa panayam sa guro ay napupukaw ang interes ng *Grade* 6. Ang mabuting dulot ng midya sa Wikang Filipino sa *Grade 6* at guro ay natatangkilik ang sariling wika at napapadali ang

pagsulat at pagbasa. Sa Ingles ng *Grade 6* ay napapadaling gumamit nito, sa guro ay magagamit sa pakikipagsapalaran. Sa *Mother Tongue* ng *Grade* 6, nagiging aktibo sa pagbibigay saloobin, sa guro ay napapagaan ang salita.

Kung ang wika ay buhay, ang midya ay buhay rin at patuloy na lumalago at walang humpay na nagbabago. Patunay lang na nakapagbigay ng mas malaking ambag sa komunidad ang mga nakuhang mga datos sa pag-aaral na ito dahil mas natangkilik ang interes, pakikilahok at pakikipagsapalaran sa ating komunidad. Sa mga tagapaghubog ng isipan ng mga kabataan sa larangan ng edukasyon, patuloy na mas linangin pa ang paraan ng pagkatuto sa wika sa paraang mas napadadali ito ngunit makabuluhan at may bisa. Samakatuwid, dahil na rin sa midya kasabay ang pagsilang ng bagong henerasyon naninindigan akong may matalik na ugnayan ang midya at ang pag-aaral ng wika.

**Sanggunian**


Taylan, D. R., Petras, J. D., & Geronimo, J. V. (2019). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino (Ikalawang Edisyon). Rex Book Store, Inc.

Marquez, S. T. (2017). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Sibs Publishing House, Inc.

Dayag, A. M., & Del Rosario, A. M. (2017) Pinagyamang Pluma Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Phoenix Publishing House, Inc.

Badayos, P. B. (2008) Metodolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Filipino (Ikalawang Edisyon). Mutya Publishing House.

Mapa, K. D., & Marbella, F. D. (2019, February) [Impluwensiya ng Midya sa Pag-Aaral ng Wika] Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1